

**COUNTY NG SANTA CLARA**  
**PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN**  
**DAGDAG**



## **Talaan ng mga Nilalaman**

Panimula .....	3
Mga Lugar ng Sentro ng Pagboto .....	3
Isinapanahong Tulong sa Wika.....	4
Paraan ng Pakikipag-ugnayan.....	5
Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo .....	5

## Panimula

Sa paghahanda sa parating na ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampresidenteng Pangkalahatang Halalan, ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay lumikha ng isang dagdag sa kasalukuyang Plano sa Pangangasiwa ng Halalan upang ispesipikong tugunan ang isinapanahong mga iniaatas ng Sentro ng Pagboto, mga karagdagan sa mga wikang isineserbisyo ng County, at isang isinapanahong paraan ng pakikipag-ugnayan.

## Mga Lugar ng Sentro ng Pagboto

Noong ika-3 ng Hunyo, 2020, nag-isyu si Gobernador Newsom ng Ehekutibong Utos N-67-20. Sa utos, tinanggal niya ang iniaatas sa mga county na buksan ang mga Sentro ng Pagboto sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na labing-isang (11) araw. Sa panahon ng pagsulat ng dagdag na ito, ang ROV ay magkakaloob ng isang daan (100) na mga Sentro ng Pagboto na bukas sa 4-na-araw na maagang panahon ng pagboto na nag-aatas sa mga Sentro ng Pagboto na manatiling bukas tatlong (3) araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na (4) na araw. Ang iniaatas na bilang ng 4-na-araw na mga Sentro ng Pagboto ay isang Sentro ng Pagboto para sa bawat 10,000 nakarehistrong botante ng county. Batay sa inaasahang bilang ng mga nakarehistrong botante sa ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampresidenteng Pangkalahatang Halalan, ang ROV ay aatasang magbukas ng hindi bababa sa isang daang (100) Sentro ng Pagboto.

Ang isinapanahong listahan ng mga Sentro ng Pagboto ay ang mga sumusunod:

<b>Tinantiyang Bilang ng mga Sentro ng Pagboto</b>			
<b>Kategorya ng Hangganan</b>	<b>Pinakamababang Iniaatas</b>	<b>Iminumungkahing Bilang</b>	<b>Bilang na Ginawang Pinal</b>
4-na-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 10 libong nakarehistrong botante)	100	100	TBD

Ang pagkalkulang ito ay batay sa pagkakaroon ng isang Sentro ng Pagboto para sa bawat 10,000 nakarehistrong botante ng county. Batay sa inaasahang bilang ng mga nakarehistrong botante sa ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampresidenteng Pangkalahatang Halalan, ang ROV ay aatasang magkaroon ng hindi bababa sa 100 Sentro ng Pagboto.

## Isinapanahong Tulong sa Wika

Noong Mayo 2020, ang opisina ng Kalihim ng Estado ay nagdagdag ng bagong ipinag-uutos-ng-estado na mga wika sa ilalim ng Kodigo sa mga Halalan (EC) 4201, mga pagpapasiya ng minorityang wika. Lima sa mga wikang iyon ay idinagdag sa mga iniaatas na wika ng County ng Santa Clara: Gujarati, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu.

Ang ROV ay magkakaloob ng mga sumusunod na serbisyo sa bagong ipinag-uutos-ng-estado na mga wika:

Bagong Ipinag-uutos-ng-Estado na mga Wika	Mga Isinaling Materyal at Serbisyo	Mga Facsimile na Balota
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Gujarati</li> <li>▪ Nepali</li> <li>▪ Punjabi</li> <li>▪ Tamil</li> <li>▪ Telugu</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga Facsimile na Balota na ginawa para sa mga target na presinto sa lahat ng Sentro ng Pagboto ayon sa EC 14201</li> <li>• Aplikasyon para sa Facsimile na Balota na makukuha sa lahat ng Wikang Nakalimbag sa mga CVIG</li> <li>• Makukuha ang aplikasyon para sa Facsimile na Balota sa Website ng County ayon sa EC 14201</li> <li>• Mga Palatandaan at Tagubilin sa Sentro ng Pagboto</li> <li>• Aplikasyon para sa VBM</li> <li>• Form ng Paghiling ng Aksyon ng Botante (VARF)</li> <li>• Mga Tauhang May Dalawang Wika sa ROV at sa mga Sentro ng Pagboto</li> </ul>	<p>Mga Salin para sa Buong Facsimile na balota:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Mga Pamuhatan</li> <li>• Mga Tagubilin</li> <li>• Mga Pangalan ng mga Hurisdiksiyon</li> <li>• Nakabase-sa-karakter na mga Transliterasyon ng Wika</li> <li>• Mga Pagtatalaga sa Balota</li> <li>• Mga Tatak ng Panukala</li> </ul>

Ang mga facsimile na balota ay mga halimbawang balota na magagamit ng mga botante bilang masasangguni kapag bumoboto. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ay maghahanda ng mga facsimile na balota sa limang idinagdag na wika sa mga target na Sentro ng Pagboto. Ang mga kopya ng facsimile na balota ay makukuha ng mga botante sa mga itinalagang Sentro ng Pagboto upang magamit habang nagpapatala ng isang pribadong balota. Ang mga Facsimile na Balota ay dapat na iba ang anyo mula sa isang regular na balota upang mapigilan ang mga botante na magtangkang bumoto sa facsimile na kopya. Ang mga manggagawa ng Sentro ng Pagboto ay sasanayin sa layuning bigyan ng kaalaman ang mga botante tungkol sa pagkakaroon ng mga facsimile na kopya ng mga balota at paano dapat magkaloob ng isang facsimile na balota, kapag hiniling ng isang botante. Ang mga palatandaan sa lahat ng 14 na wikang isineserbisyo ng county (Ingles, Tsino, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, Khmer, Koreano, Hindi, Hapon, Gujarati, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu) ay ikakabit sa malapit sa mga e-pollbook para sa mga target na presinto sa lahat ng Sentro ng Pagboto na ipinagbibigay-alam sa mga botante ang pagkakaroon ng mga facsimile na kopya sa balota.

Lahat ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County ay magtataglay ng isang aplikasyon para sa facsimile na balota at isang paunawa sa lahat ng 14 na wika na nagbibigay-alam sa mga botante na ang mga facsimile na balota ay makukuha ng mga botante sa mga Sentro ng Pagboto at

kapag hiniling ayon sa Kodigo sa mga Halalan 14201. Ang isang listahan na tumutukoy sa mga Sentro ng Pagboto kung saan ang mga kopya ng facsimile na balota ay makukuha ng mga botante ay ilalathala sa website ng county hindi bababa sa 14 na araw bago ang halalan.

## **Paraan ng Pakikipag-ugnayan**

Sa ilalim ng mga pagpapayong pangkalusugan at pangkaligtasan na inirerekomenda ng Estado at County, lahat nang personal, harapang paraan ng pakikipag-ugnayan ay papalitan ng mga alternatibong paraan para sa ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampresidenteng Halalan. Ang mga alternatibong paraang iyon ng pakikipag-ugnayan ay kabilang ang mga pulong at workshop, mga post sa social media ng mga grapikong nagbibigay ng impormasyon at impormasyong pang-edukasyon, pamamahagi ng nakalimbag na literatura, at mga post sa mga tinukoy na popular na lokasyon sa komunidad.

Ang pangkat ng Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante ay mangangasiwa ng birtuwal na buwanang mga pulong ng Komite sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante sa mga kasama sa komunidad upang talakayin ang anumang mga paraan ng pakikipag-ugnayan, inaalala, at komento. Makikita rin kami sa bawat birtuwal na pulong ng Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika at Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto upang makipagpalitan ng mga pagsasapanahon. Sa pagdagdag ng limang bagong wika (Gujarati, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu), ang ROV at ang pangkat ng pakikipag-ugnayan ay nagseserbisyo ngayon ng 14 na wika. Ang ROV ay nagpaplanong tugunan ang bawat pangangailangan ng wika sa pamamagitan ng paglikha ng isinaling mga materyal na nakalimbag at digital.

Bilang karagdagan, ang ROV ay nakikipagtulungan sa mga pang-estado at lokal na opisyal upang matiyak na ang mga personal na Sentro ng Pagboto ay magiging ligtas at madaling magagamit ng mga botanteng nangangailangan ng mga ito. Ang ROV ay lilikha ng mga mensahe upang ipagbigay-alam sa mga botante kung saan magagawa ang personal na pagboto at anu-anong mga hakbang na pangkaligtasan ang ilalagay upang protektahan sila, kabilang ang pagdistansiyang sosyal at personal na nagpoprotektang kagamitan. Ibabahagi namin ang mensahe sa aming mahabang listahan ng mga kasama sa komunidad, mga grupo ng nagpapayong mamamayan, at ibang kaugnay na mga ahensiya ng county para sa kanilang tulong sa higit pang pamamahagi ng impormasyon sa lahat ng kumpol ng mga tao sa county.

## **Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo**

Para sa Ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampresidenteng Pangkalahatang Halalan, ang batas ng California ay nagpapahintulot sa LAHAT ng nakarehistrong botante na gamitin ang sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM) upang maakses, i-download, botohan, at ilimbag ang kanilang mga balota. Ang layunin ng sistema ng RAVBM ay hindi upang magpatala ng balota sa pamamagitan ng internet. Ang mga botante ng RAVBM ay pinadadalhan ng email na may link upang maakses ang kanilang Opisyal na Balota, kasama ang mga tagubilin kung paano i-download, ilimbag, kumpletuhin at ibalik ang kanilang balota sa ROV bago lumampas ang Araw ng Halalan. Ang mga botante, gamit ang link na ipinadala sa email, ay dapat mag-download ng balota sa kanilang mga kagamitan upang mabasa at mamarkahan ang balota sa pamamagitan ng kanilang sariling pantulong na teknolohiya. Para sa sinumang nakarehistrong botante,

may tatlong paraan na maaaring ibalik ng isang botante ng RAVBM ang kanilang balota: sa pamamagitan ng pangkaraniwang koreo, sa pamamagitan ng paghulog ng kanilang balota sa drop-box ng balota, o sa pamamagitan ng pagbabalik nito sa alinmang Sentro ng Pagboto.